Governor’s Message

Sa kasalukuyan, 16 na positibong mga pasyente ang sumiklab sa prepektura. Ang 9 sa kanila ay mga positibong pasyente dahil sa cluster/grupo na nabuo sa Kani City. Dahil dito, may posibilidad na dumami pa ang numero sa hinaharap.

Batay sa sitwasyong ito, lalo pang itataas ng prepektura ang level ng pag-iingat. Ipapatupad ngayon ang First Prefectural Task Force alinsunod sa ‘Special Measures Law against new types of Influenza and the like’.

1 Sa lahat ng mamamayan ng prepektura, para sa maagang pag puksa sa COVID-19, hinihiling na lubusan ipatupad ang mga sumusunod na bagay upang maprotektahan ang buhay at kalusugan ninyo at inyong mga mahal sa buhay.

① Iwasan ang hindi importante at biglaang paglabas-labas.

② Iwasan ang mga lugar na may 3 kundisyon na mataas ang panganib ng pagkahawa (Saradong Lugar *(closed space)*, Siksikang Lugar *(Crowded place)*, at Malapitan)

2 Sa prepektura, lubusang ipapatupad ang mga hakbang sa pag-iwas sa impeksyon tulad ng pagdidisimpekta at bentilasyon sa lahat ng mga pasilidad ng prepektura.

3 Bilang isang countermeasure laban sa cluster na naganap sa Kani City, dalawang pasilidad na matatagpuan sa Kani-shi at Kawabe-cho ay sarado sa loob ng apat na araw hanggang sa katapusan ng Marso upang maiwasan ang karagdagang pagkalat ng COVID-19.

◆Hana Festa Memorial Park (Kani-shi)

【Kasama ang "Kirin Ga Kuru Gifu Kani Taiga Drama Museum" sa park】

◆Kawabe rowing area (Kawabe-cho)

4 Inaasahan na ang nabanggit sa bilang 1 ay lubusang ipatutupad ng mga residente ng Kani-shi at Kawabe-cho at ang mga hakbang upang maiwasan ang pagkalat ng COVID-19 ay susuriin at patatatagin.